**Roy Rene S. Cagalíngan**\MINSAN IBON, MINSAN BULAKLAK ANG LUNGGATI

# PIGLAS

*Kung ako ay naging ibon lámang,*
*Lilipad nang malimot ang lumbay.*
(Salawikaing Maguindanao)

Pumapagaspas ang tanghaling-tapat sa paramdam
ng mga kalapating kanina pa palibot-libot.
Iisipin mo kung may tukóy bang oras
sa kanilang isip. Kung bakit nila ito ginagawa,
ang pagsasaboy ng sanlaksang anino. Ngayon
at nakatindig ka upang panandaliang mamahinga
sa trabaho, susuriin mo rin kung kaninong anino nga ba
ang inilalambong sa tinititigan mong lupa.
Mananalig ka sa kanilang pananagisag; papanig
sa kanilang inaalay na panunungkit sa hangin
at sa iyong paningin: *bakit ganito kababa ang lipad*
*at wala kang panghuhusga?* Araw-araw lumilikha ang araw
ng sarili nitong mga anino, at kasama ka roon.
Ngunit may mga pagkakataóng hinihiling mong
lumilim sa nanganganak na anino ng mga kalapati,
at pabirong iuusal, huwag sana akong maiputan
sa paglilimi sa dinadalang dalamhati.

# ANG TAHIMIK

*Ibon mang may layang lumipad*
Jose Corazon De Jesus

Kaylaking pananahimik ang pinararamdam ng kaharap, at banyaga siya
sa paningin: plumaheng nalalagas sa tag-init, tila relikya ng panahong
di na inabutan. Ganito pala ang malapít sa isang may-kakayahang

magtulos ng anino. Lalápit at lalápit siya na parang may kinakailangan;
mapatititig ka sa kaniyang mga paa, at marupok na bakal lámang ang harang
sa posibilidad ng ilahas niyang mga tadyak. Mapauurong ka nang kaunti,

ngunit maiisip na kung palalayain siya ay walang pagdadalawang-isip
ba itong tatakbo tungong dalampasigan? Di lámang paglulubid ang gagawin niya
kundi pagsasaboy ng katákot-tákot na buhangin sa hangin. May maghahabol

at aakitin pabalik ang ibon sa pagkakapiit. Tititigan niya ang hanggahan ng dagat,
matatanto ang limitasyon ng kaniyang pag-iral, ang ipinagkait na kalayaang
tumakas nang buong elegansiya; ang pumiglas, at magpasiklab ng bagwis.

Walang malilikhang repleksiyon sa tubig. Walang paglusaw ng wangis sa panganorin.
Tanging ang pabalik-balik na pagtakbo sa linyang pinagtatagpuan ng dagat
at sa lupa: ilang nalaglag na balahibo. At ang tahimik, sa pagitan ng mga hampas ng
alon.

# MAYA MADALAS

Ang iyong pagdating ay isang pag-umang
ng mga sandali. Daling nanabik
na masilip muli ang naiwang siwang
na ngayon sa hangin ay tumitilamsik.

Maya't mayang titig ang pangingilala
at pangungumustang pilit sinusukat
sa namuong lawas ng pangungulila,
lagay sa tahimik ay sapat na lapat.

Ngunit dumudulog kung makaririnig,
kawalang-salita minsa'y may kalawang
na namumuo't magiging ulinig,
at umaalingawngaw sa tagpuang parang:

Maya nga madalas ang siyang tagadala,
At nagkukumpulang tungo sa mamaya.

# SARI-SARIWA

*Para kay Ophelia Alcantara Dimalanta*

Maniwala sa nadama. Bumabagay ang sariwa
sa mga napagkamalang tila hindi na sariwa.

Palagiang naghuhunos mula sa lambong ng limot
ang hamog na nambabasâ—marahang nanariwa

ang katawang hinihipo nitong pamanang talulot,
mapanukso sa paglingkis. Lumilikha ng sariwa

sa singit, nanghahalina. Namumuo't tumataklob
ang pagnanasang malapit dahil ang sinasariwang

lamán ay laging sandali. Marahan ngunit marubdob
ang tagpo ng pagniniig. Nagkakalamáng sariwa

kasama ang paggigiit ng bisig na nagpupuyos.
Ang pawis na nanghuhugas, nananatiling sariwa

muli ang mga sarili mulang kamatayang alok,
o idinaan sa bulong. Minsan, nagpapasariwa

ang iyong mga salitang nagkukuyom nitong libog
upang sa muling pagbuka ay laging usal: *sariwa*.

# MINSAN, SUMASAPAT ANG MGA BULAKLAK

Minsan, sumasapat ang mga bulaklak.
Walang pinipiling natatanging araw
kapag naglalahad at bumubukadkad

Kahit usisain ang bisa at talab
gamit ang katwiran ng sinumang pahám,
minsan, sumasapat ang mga bulaklak.

Tawagin man itong iniindang gasgas,
tanging ang nasaktan ang makakaalam,
kapag naglalahad at bumubukadkad.

Kung tunay ang latay at mayroong bakás
kahit ang paglimot ay di magtatagal.
Minsan, sumasapat ang mga bulaklak.

Himala mang tawag tuwing nagbabakbak,
sa mga dumanas, tutubong dalisay
kapag naglalahad at bumubukadkad.

Sa handang mag-alay ng halik sa sugat,
katalik ang sakit ng nasàng magmahal.
Minsan, sumasapat ang mga bulaklak
kapag naglalahad at bumubukadkad.

# MUNTI

Nilalakòng maya tuwing may pista
ang aking lunggati.
Kayâ papaano ito naiiba
sa mga kasámang nagmamakaawa
sa iyong mata? *Kunin mo na 'yan*,
udyok nitong ale ng mga ibon,
ngunit kapag iyong napili,
ano nga ba ang kalayaan kundi
ang pagpapakiwari ng sawali?
Nais kitang maramdaman,
mga munting daliri sa butas
nitong hawla, nilalaro't hinaharang
ang paningin sa himpapawid.

# SAPAGKAT PALASAK ANG MGA BULAKLAK

Sapagkat palasak ang mga bulaklak.
Wala na ang saysay tuwing magbibigay,
subukang ikuyom hanggang may mawasak.

Kahit talikuran itong halimuyak,
sa mga dambana ay may mag-aalay
sapagkat palasak ang mga bulaklak.

May mga lunggating handang magpapitas,
kapag natikman na—bilasa at hilaw—
subukang ikuyom hanggang may mawasak

Anong magagawa kung rosas ay rosas?
Maraming salitang handang magliwayway
sapagkat palasak ang mga bulaklak.

Tuwing naglalako ay nagsasambulat
nitong kasaysayan ng mga nagmahal;
subukang ikuyom hanggang may mawasak.

Kayâ sinisinta, laging nagtatapat
sa walang hanggahang umaalingasaw;
sapagkat palasak ang mga bulaklak,
subukang ikuyom hanggang may mawasak.

# KUPYÂ

Dumating tayo sa ganitong tagpo:
sumasambulat ang silahis sa palayan,
at humaharabas ang paninging nangangain daw

ng araw. Namamalayan na natin ang paglunok dito
nang may dumaan na mga ibon—may pagkakahanay
na dumagsa sa ating palagay, ano nga bang tuldik

ito ngayon? Bago natin pasukin ang dulo
ng e*xpressway*, pabalik sa ating hinahabol na lungsod.
Kinakailangan ang pag-iimpit at sandaling pagtigil

sa mga ginagawa. Pagsinto ito ng sandali bago
magpatuloy sa ating labis na pagmamabilis.

# KAWAD

Kung nagsisimula ang lahat dito, saan magwawakas ang diskurso ng dila, sabihin na natin: narito ang ibig sabihin—ang pagpapakahulugan—isang pagpapakahulog ng katotohanan, halimbawa: ituring itong máyang nakasabit sa kawad ng koryente, isang mahabang linyang magiging mamaya; paksa ang paghihintay sa pagpalakpak ng mga pakpak na kung lalapitan-titigan, lilinaw ang sandali, sandali ito sa lahat ng mga pinagmamadali, sa ilalim ng linya dumadaloy nang marahan ang pag-usad ng diwa, hinihiwa ang lansangang bahagi ng lawas ng lungsod na isinasaknong ng mga mahihilig sa paghubog; dahan-dahang nabubuo ang mga lungsod sa mga ganitong pagkilos: kapag sinabi mong nakararanas ka ng lumbay, marahil, nasasalubsob ka sa sariling pagliliha sa kahulugan ng lungkot: dila, ang wagas na gunita ang humahagod na mga pantig tungong salita na iyong inuusal habang nakaratay ang katawan sa sinisintang nayon sa lalawigan ng mga pandamang inaabot na rin ng lungsod; kaya iusal mo*: pupunta ako roon*, lumalapit na ako roon patungo sa aking gagawing lungga ng mga nasa: linya itong ilalatag kasama ang mga maya, huwag kalimutan ang eksena: ang bahagyang paggalaw ng kawad, at ang mga pakpak sa panganorin.